## Mga Benepisyo ng *Goat Upgrading Technology*

| Aspeto | Henerasyon ng Pagpapabulog | | |
|---|---|---|---|
| | 1st | 2nd | 3rd |
| Inahing ginamit | Native | F1 | F2 |
| Bulugang ginamit | Upgraded (40kg) | Purebred(50kg) | Purebred(50kg) |
| Magiging anak | F1 (30kg) | F2(40kg) | F3(50kg) |
| Pagkakaiba sa timbang | 10 kg | 20kg | 30kg |
| Halaga bawat 1kilo | Php 70 | Php 100 | Php 150 |
| Price difference (PD) | Php 700 | Php 2,000 | Php 4,500 |
| **Produksyon kung: 25 inahin x 1.5 ipinanganak** | | | |
| Bilang ng namatay | 38 | | |
| Bilang ng naibentang kambing (NK) | 8<br>30 | | |
| **Kabuuang kita (NK x PD)** | Php21,000 | Php63,000 | Php135,000 |

## Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng *Upgrading*

Kung *purebred* ang napiling bulugan na gagamitin, ipakasta lamang dito ang mga inahing nanganak na nang dalawang beses o higit pa. Huwag ipilit ang pagpapakasta sa mga dumalagang kambing sapagkat lalo lamang magkakaproblema ang mga ito pagtagal. Gumamit na lamang ng *upgraded* na bulugan sa pagpapakasta ng mga ito.

Ikonsidera din ang laki ng katawan at bigat ng timbang ng inahing ipakakasta sa *purebred* na bulugan. Hindi dapat bababa sa 25 kilo ang timbang ng inahin. Huwag gamitin ang bulugan na pangkasta sa mga anak nito upang maiwasan ang masamang epekto ng *inbreeding* sa kawan. Inaasahang mas malalaki ang mga magiging anak ng *upgraded* na kambing kaya't marapat lamang na maghanda rin nang mas maraming mapagkukunan ng pagkain upang matustusan ang kanilang pangangailangan sa sustansiya.

*For more information, visit or contact:*

**Small Ruminant Center**
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel: (044) 456-0968
E-mail: src1983clsu@yahoo.com

*Prepared by:*

Promotions, Training and Extension Service Unit
Small Ruminant Center
and
Science and Technology Centrum
Extension Office

May 2017





# *Goat Upgrading*
# Pagpapataas ng Antas ng Lahi ng Kambing

**Research, Extension and Training**
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Philippines

## Ano ang *Upgrading*?

Ang *upgrading* ay isang proseso nang dahan-dahang pagpapataas sa antas ng lahi ng isang hindi magandang uri ng kambing. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapalahi sa isang pili at magandang lahi.

Sa mga sistema ng pagpapalahi, ang *upgrading* ang siyang itinuturing na pinakamura, pinakapraktikal, at pinakamadaling isakatuparan upang mapaganda ang uri at kalidad ng mga alagang hayop sa kawan.

## Mga Dapat Isaalang-alang Bago Magsimula ng *Upgrading*

Sa pagpili ng bulugang gagamitin, mainam na suriin at alamin ang mga sumusunod:

a. **Lahi o *breed***

Mainam na alamin ang lahi ng bulugan na gagamitin na pampalahi sa kawan. Ibatay ang pagpili ng lahi ayon sa katangian na gusto mong magkaroon ang iyong kawan.

**b. Pisikal na pangangatawan, kundisyon, at edad ng bulugan**

Ang bulugan ay dapat malusog, walang mga depekto lalo na sa ari at bayag nito, nasa tamang laki at hubog ng kanyang katawan ayon sa kanyang edad. Gumamit ng bulugang hindi bababa sa walong buwan ang edad. Mas mainam gumamit ng batang bulugan upang mas matagal itong mapakinabangan sa pagpapabulog ng mga inahin sa kawan.

**c. Kakayahan at husay sa pagpapalahi**

Kung may karanasan na sa pagkasta ang bulugan, mainam na suriin ang mga naging anak nito at kung gaano karami sa mga nagiging asawa nito ang tumutuloy sa pagbubuntis. Ito ang pinakamagandang batayan na maaring gamitin upang mapatunayan ang husay at kakayahan ng isang bulugan sa pagpapalahi.


## Mga Estratehiya ng Pagpapabulog sa *Upgrading*

Sa sistema ng *upgrading*, ang unang henerasyon ng anak o F1 ay mayroon nang 50% ng lahi na nagmula sa ginamit na magandang lahi. Sa mga susunod na henerasyon ng mga magiging anak, magiging 75% (F2) at 87.5% (F 3) na ang lahi ng mga ito mula sa magandang lahi na ginamit sa pag-*upgrade*.


Sa patuloy na pag-*upgrade* ng mga hayop sa kawan mula sa henerasyon ng F3, maaring nang makapagparami ng halos purong lahi ng hayop na maipagbibili sa mas mataas na halaga.



## A. Paggamit ng *Purebred* na Bulugan sa Simula ng Pagpapalahi




## B. Paggamit ng *Upgraded* na Bulugan sa Simula ng Pagpapalahi






Maaring pumili ng alin man sa dalawang estratehiya ng pagpapabulog. Ang pinagkaiba ng mga estratehiyang ito ay ang gagamiting bulugan sa simula ng pag-*upgrade*. Sa paggamit ng *purebred* na bulugan, isaalang-alang ang halaga ng bulugan sapagkat karaniwang may kamahalan at mahirap ding maghanap ng mabibilhan nito. Kung limitado ang pondo para sa pagbili ng *purebred*, mainam namang gumamit na lang muna ng *upgraded* na bulugan.